DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Epekto ng Pagtatamo ng Titulong Master sa Pagganap sa Pagtuturo at sa Promosyon ng mga Guro sa Junior High School sa Lalawigan ng Sorsogon

Cherry Ann B. Lisay
Bicol College Inc.
lisaycherryann2@gmail.com

Petsa ng Pagsumite:
**Abril 18, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Abril 28, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Mayo 6, 2026**

DOI:

**Abstrak**

Sinuri ng pag-aaral na ito ang epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon. Gamit ang disenyong quantitative descriptive at total enumeration sa 100 guro mula sa siyam na pampublikong paaralang sekondarya, natuklasan na ang mga guro ay may mataas na antas ng motibasyon sa pagpapatuloy ng pag-aaral, lalo na ang mga nasa unang yugto ng kanilang karera. Ang pangunahing epekto ng pagkakaroon ng Master's degree ay ang pagiging eksperto sa sariling larangan (f=50), paggamit ng inobatibong estratehiya sa pagtuturo (f=40), at pagtaas ng tsansa para sa promosyon (f=60). Napatunayan ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagkakaroon ng Master's degree at promosyon ng mga guro batay sa pamantayan ng DepEd, partikular sa posisyong Master Teacher sa ilalim ng Expanded Career Progression (ECP) System. Napag-alaman na ang Master's degree ay isang mahalagang salik sa propesyunal na pag-unlad, pag-angat sa karera, at pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo. Ang pangunahing awtput ng pag-aaral ay ang kompilasyon ng talaan ng mga guro na nagtamo ng titulong master kaugnay ng kanilang promosyon.

**Mga Susing Salita**: *Master's degree, promosyon ng guro, pagganap sa pagtuturo, Junior High School, Sorsogon, pag-unlad ng karera, DepEd, Expanded Career Progression (ECP), Pilipinas*

## INTRODUKSYON

Sa buong mundo, ang edukasyon ay isa sa mga nakikitang epektibong paraan upang mapaunlad ang buhay ng mga mamamayan sa lipunan na kanilang ginagalawan. Ang mga bansa ay nagtatalaga ng kaukulang badyet para sa sistema ng edukasyon ng bawat paaralan upang makapagbigay ng de- kalidad na edukasyon sa lahat ng mga mamamayan.

Sa mga pagbabagong nararanasan natin sa paglipas ng panahon, ay nagkaroon ng pagtaas ng pokus at atensyon sa pagtukoy sa ginagampanan ng mga paaralan para sa paghubog at pagbuo ng mga estudyante na matatawag nating employable graduates. Ang pokus ng mga pamantasan ay mas mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral upang ang mga kakayahang ito ay kanilang magamit sa pang araw-araw na pamumuhay.

Ayon sa isang prominenteng historian na si Ortayh (2020) ang Teacher Education ay isa sa mga mahalagang isyu sa halos lahat ng bansa. Ayon sa kanya, ang buhay ng mga susunod na henerasyon ay hindi magiging maunlad kung hindi rin magkakaroon ng pag-unlad sa ating mga kaguruan. Ang kalidad ng edukasyon ay may kaugnayan sa kalidad ng pagkatuto na maaaring makamit ng mga mag-aaral galing sa mga kwalipikadong guro. Sa ibang bansa, ang mga guro ay naglalayong magkaroon ng isang Career System na tinatawag na kung saan ang kanilang mga pagod sa kanilang pagtuturo ay masisigurong magagamit ng kanilang mga mag-aaral. Ang Career Growth o Propesyunal na Pag-unlad ay isa sa mahalagang aspekto ng propesyunal at personal na pag-unlad para sa isang nagtatrabaho sa anumang larangan ng kanyang espesyalisasyon. Para matamo ang tinatawag na propesyunal na pag-unlad, ito ay nangangailangan ng sipag, dedikasyon at patuloy na pagpapaunlad ng iyong sariling kakayahan sa propesyon na iyong kinabibilangan.

Ang pagtatapos mula sa unibersidad ay higit na naiiba kumpara sa pagtatapos sa mataas na paaralan. Karaniwan, may dalawang landas na tinatahak ang mga nagtapos sa kolehiyo. Una, ang pagpapatuloy ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpasok sa isang master's na programa o iba pang kursong pang–graduate. Ikalawa, ang pagtigil muna sa pag-aaral upang pumasok sa mundo ng trabaho.

Ayon sa Forbes (2021), tumaas ang bilang ng mga nagtapos sa kolehiyo na direktang nagpapatuloy sa graduate school sa nakaraang taon. Samantala, ayon naman sa mensahe ng Pangulo ng Pamantasan ng Bikol noong Pagtatapos ng 2022, patuloy na dumarami ang mga nag-eenrol sa mga kursong pang–postgraduate kahit hindi pa nagkakaroon ng karanasan sa trabaho. Ipinapakita nito na maraming gradweyt ang pinipiling ipagpatuloy agad ang kanilang pag-aaral. Gayunpaman, ang ilan ay mas pinipiling magtrabaho muna upang makakuha ng sapat na karanasan bago mag-aplay sa mga programang tulad ng master's degree, MBA, o PhD matapos ang kanilang undergraduate na pag-aaral.

Sa kasalukuyang panahon, isinusulong ang tinatawag na *Enhanced Career Progression* na nakabatay sa DepEd Order No. 42, s. 2017 na may pamagat na *National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers (PPST)*. Nakapaloob dito ang pitong (7) domain at tatlumpu't pitong (37) strand na tumutukoy sa iba't ibang dimensyon ng epektibong pagtuturo. Isa sa mga domain na ito ay ang *Personal Growth and Professional Development*. Sa Strand 7.5, na may pamagat na *Professional Development Goals*, binibigyang-diin na ang isang guro ay dapat magkaroon ng malinaw na plano para sa kanyang propesyonal na pag-unlad. Layunin nito na hindi lamang mapabuti ang sariling kakayahan ng guro kundi makapagbigay rin ng gabay sa kanyang mga kasamahan tungo sa pagkamit ng kanilang mga layuning propesyonal. Isa sa mga konkretong hakbang upang maisakatuparan ito ay ang pag-eenrol sa mga kursong pang–postgraduate.

Sa aspeto ng promosyon, ipinatutupad ang *Enhanced Career Progression System (ECP)* upang magbigay ng malinaw na oportunidad sa pag-angat ng posisyon ng mga guro, mula Teacher I hanggang Teacher VII at hanggang sa Master Teacher I hanggang Master Teacher V. Nakatuon ang sistemang ito sa *merit-based advancement*, kung saan ang pagtaas ng ranggo ay nakabatay sa kakayahan, performance, at patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Kaugnay nito, ginamit ang Philippine Professional Standards for Teachers (PPST) bilang pangunahing batayan sa pagtatasa ng kanilang kompetensya at paglago sa propesyon.

Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan ng pagtukoy sa epekto ng pagtatamo ng Master's degree ng mga guro sa kanilang pagtuturo sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon, na may kaugnayan sa kanilang promosyon, maaaring makapagbigay ito ng angkop na solusyon sa mga kinakaharap na suliranin. Sa ganitong paraan, higit pang mapabubuti ang epekto ng pagkamit ng mga naturang titulo, hindi lamang sa kanilang pag-angat sa ranggo kundi lalo na sa kalidad ng kanilang pagtuturo sa mga mag-

aaral sa mga pampublikong paaralang sekundarya sa lalawigan ng Sorsogon. Maraming pag-aaral na isinagawa kaugnay ng epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng Sorsogon at sa iba pang antas na Malaki ang impluwensya sa kasalukuyang pag-aaral.

Ayon sa literatura nina Dacir, Reyes, freollo, Florendo na sa bagong sistema ng edukasyon at sa bagong pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon sa promosyon ng mga guro ay nangangailangang iangkop din ng mga guro ang kanilang propesyunal na pag-unlad hindi lang para sa kanilang sarili kundi pati na rin para sa mga mag-aaral na kanilang tinuturuan.

Katulad ng pahayag ni Repane, Tuscano, Fernandez at Garcia na kinakailangang ang mga guro ay marunong sumabay sa mga pagbabagong nagaganap sa paligid dahil kung hindi sila makikipagsabayan ay maari silang mapag iwanan lalo na pagdating sa panibagong sistema ng promosyon ng mga guro sa kasalukuyang panahon na kasama sa QS o Qualification Standard sa pinag-aralan na natamo ng mga guro na kapag ang natapos mo ay Kursong Batsilyer ay zero ang makukuha mong puntos dahil ang pag kompyut ng puntos ay magsisimula sa pinakamataas na iyong natamo o nakamit pagkatapos ng kursong batsilyer.

Maraming literatura at pag-aaral ang isinagawa tungkol sa pananaliksik kauganay ng epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng Sorsogon. Maraming nagsagawa ng pananaliksik tungkol sa epekto ng teknolohiya at iba pang nararanasan natin lalo na ng mga guro at mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Ayon sa DEPED ang INSET ay isang propesyunal na development program na tumutulong sa mga guro at school leader’s para paunlarin ang kanilang kaalaman, kasanayan at pamamaraan sa pagtuturo.

Pinagtibay din ng DepED ang bagong sistema para sa promosyon ng mga guro na nakapaloob sa DepEd Order No.24 s.2025 na inilunsad ang mga karagdagang posisyon para sa pagtuturo mula Teacher IV hanggang Teacher VII at Master Teacher V at ipinakilala ang dalawang Career Tracks Classroom Teaching at School Administration. Itinakda rin ang sistema ng proseso ng reclassification para sa promosyon kung saan maaring umangat ang guro kapag natugunan nila ang pamantayan at naipakita nila ang kanilang kinakailangang kakayahan ng hindi na kailangang maghintay ng vacancy. Ang Expanded Career Progression Program ay handog ng pamahalaan upang suklian ang sipag at sakripisyo ng mga guro sa pamamagitan ng mas malinaw na landas para sa kanilang career sa pagtuturo.

Batay sa mga nabanggit na pinagbatayan, ang gap na pupunan ng pag-aaral na ito ay ang pagpapalagay na wala pang nagtatangka na magsagawa ng pananliksik tungkol dito sa epekto ng pagtamo ng titulong master sa mga guro sa Junior High School at ang kaugnayan nito sa kanilang promosyon batay sa pamantayan ng DepEd sa lalawigan ng Sorsogon.

**Layunin Pananaliksik**

Layunin ng pananaliksik na ito na hinggil sa titulong Master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon. Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Mailahad ang antas ng pagtamo ng mga guro ng titulong master sa paaralang pinagtutuunan ng pag aaral.
2. Matukoy ang pangunahing epekto ng pagkakaroon ng titulong Master

3. Matalakay ang ugnayan ng pagkakaroon ng titulong Master sa promosyon ng mga guro batay sa pamantayan ng Deped.
4. Makabuo ng kompilasyon ng talaan ng mga guro na nagtamo ng titulong Master kaugnay ng kanilang promosyon

**Mga Palagay**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa mga sumusunod na palagay:

1. Nagkakaiba-iba ang antas ng pagkakamit ng Master's degree ng mga guro sa mga paaralang saklaw ng pag-aaral.
2. Ang pagtatamo ng Master's degree ay may positibong impluwensiya sa pagganap sa pagtuturo ng mga guro.
3. May makabuluhang kaugnayan ang pagkakaroon ng Master's degree at ang promosyon ng mga guro batay sa pamantayan ng Department of Education (DepEd).
4. Ang mga gurong may Master's degree ay may mas mataas na tsansa na ma-promote kumpara sa mga walang ganitong antas ng edukasyon.
5. Nakabuo ng kompilasyon ng talaan ng mga gurong may Master's degree na may kaugnayan sa kanilang naging promosyon sa serbisyo.

Sa bahaging ito inilahad ang mga literatura at pag-aaral na isinagawa na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng sorsogon.

**Kaugnay na Literatura**

Ayon kay Silva (2021) isa sa mga tinitingala sa lahat ng propesyon ang pagiging guro. Kaakibat nito ang pagiging modelo at hindi lang basta modelo kundi mahusay na modelo, paghubog sa mga kahinaan, pagpapayabong sa mga kakayahan sa mga mag-aaral, may puso at may pagmamahal sa sinumpaang trabaho. Ilan pa sa pangkalahatang katangiang tinataglay ng isang guro ay ang isang mabuti at mahusay na guro ay laging may panahong humanap at gumawa ng inobasyon sa pag-unlad ng performans ng mga bata. Pagiging handa sa lahat ng mga kakailanganin upang makamit ang de kalidad na edukasyon para sa mga mag-aaral.

Maraming mga pagbabago ang nagaganap sa araw araw sa loob at labas ng bansa, mula sa mga makabagong kagamitan upang mapadali ang paggawa ng mga produkto para magkaroon ng satispaksyon ang isang tao. Sa larangan naman ng kurikulum marami ng pagbabago ang nagaganap upang maiangat ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Kaakibat ng globalisasyon dapat ang bawat guro ay maiangat din ang kanyang kaalaman sa pagtuturo upang maging global ang kaalaman.

Sa larangan ng wika ang mga pagbabago ay nagaganap dahil sa pananaliksik. Ang Asssociation of Southeast Asian Nations (ASEAN) integrasyon na kung saan ang layunin nito ay mahimok ang mga guro na nakatira sa mga bansang kasapi na magkaroon ng integrasyon ng pambansang wika sa ibat ibang mga bansang kasapi ng ASEAN katulad ng Filipino na may halong Bahasa Malaysia, Nihonggo, Niponggo ,

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Chinese at iba. Sa kasalukuyang panahon, higit na akma ang kasabihang "walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang" o sa wikang Ingles "No man is an island". Kaugnay nito sa kasalukuyang panahon, ang pakikipagkalakalan tungo sa pagtamo ng dagdag na kaalaman ng mga guro ay ginawang sistematiko. Ito ay naging ganap sa pamamagitan ng pagkakaroon natin ng mga paaralang gradwado na siyang naging sandigan ng mga guro upang mas madagdagan pa ang kanilang mga kaalaman para sa paghubog pa lalo

ng kanilang mga kasanayan. Ito ay ang lugar kung saan ang mga guro ay maaaring mag enrol upang ang kanilang mga kaalaman ay madagdagan at ang mga kaaalamang iyon ay magagamit ng ating mga kaguruan sa kanilang pagbibigay kaalaman sa ating mga estudyante.

Ito ay sinuportahan naman ng pahayag ni Eberhart (2021) na nagsabing ang bilang ng mga guro na nagtatapos ng kursong masteral ay dapat pang madagdagan upang makapagsagawa ng ibat ibang uri ng pananaliksik na bunga nang kanilang pag-aaral.

Ang mga aklat na ito na bunga ng kanilang pananaliksik ay para sa pagtamo ng titulong master na isang ring bagay na makatutulong sa mga estudyante na mas mapaunlad din ang kaalaman nila tungo sa pananaliksik sa tulong ng mga ginawang tesis at disertasyon ng mga guro.

Ang pahayag ni Eberhart ay sinuportahan naman ng pahayag ni Ferdman (2022) banggit sa aklat ni Reduta (2020) na sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya, iba na ang mga kabataan sa ngayon. Pihikan na sila at kritikal na rin mag-isip. Sariwa na ang kanilang mga ideya di tulad ng mga mag-aaral noong unang panahon na tradisyunal mag-isip. Maraming mga pagbabago ang nagaganap sa araw-araw sa loob at labas ng paaralan di lang sa loob ng ating bansa kundi maging sa labas ng bansa, Mula sa makabagong kagamitan upang mapadali ang paggawa ng mga bagay upang magkaroon ng satispaksyon ang mga tao, dahil sa teknolohiya napalawak ang mga ito. Ang edukasyon ay isa sa mga sanhi ng maraming pagbabago sa daigdig. Ngunit isa rin sa pagbabago ng kalidad ng edukasyon na dapat matamo ng mga kabataan ay bunga ng pagkakaroon ng mga guro o pagtamo ng mga guro ng titulong master.

Sinabi ni Kakuzo Okakura sa aklat ni Orbita (2022) na" ang sining ng buhay ay nakasalalay sa walang tigil na pakikisabay natin sa ating paligid". Sa kadahilanang ang mga mag-aaral ang sentro ng pagtuturo at pagkatuto, ang bagong sistema ng edukasyon ay kailangang iangkop ang metodolohiya at dulog sa napapanahong uri ng mga mag-aaral na malaki ang impluwensya ng makabagong teknolohiya at ang pag-aaral ng mga guro ng masteral ay isa sa mga makatutulong sa kanila upang ang kanilang mga metodolohiya at dulog sa pagtuturo ay mas lalo pang mapaunlad.

Mula sa pahayag ni Belvez banggit sa aklat ni Orbita (2022), ang mga guro ay kinakailangang gumamit ng teknolohiya at media sa loob ng klasrum nang sa gayon ang mga mag-aaral ay maging aktibo at interesado, masigasig, nakikinig at nakikisali sa anumang talakayan. Isang kagamitan ang teknolohiya na higit na makakahikayat sa mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang pinag-aaralan. Makagagaan din sa mga guro ang paggamit ng teknolohiya na siyang magiging sandalan ng bawat isa pang higit na mapagtagumpayan ang mga araling nais na matuklasan at malaman. Sa makabagong mukha ng pag-aaral nakasalalay na ang paggamit ng mga makabagong kagamitan dahil iba na ang interes ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon madaling mabagot ang mga mag-aaral kung mabagal ang pag asenso ng kanilang kapaligiran at hindi nila masabayan ito.

Ayon sa DepEd Memorandum bilang 313 s.2010 tungkol sa Graduate Degree Program Specialization Training for Public School Elementary Teachers for SY 2010-2013 banggit sa aklat ni Roncesvales (2022) dahil sa patuloy na paghahangad ng kagawaran na mas mapaunlad at mapagtibay pa ang kakayahan ng mga kaguruan kung kayat ito ang naging dahilan upang ang ating kagawaran ay magpalabas ng ganitong memorandum para sa mga guro. Dito nakasaad na ang 17 rehiyon ay magkakaroon

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

ng 12 iskolarsyip , tatlo para sa apat na kukuha ng mga kursong masteral kabilang na sa mga wikang pandalubhasaan sa larangan ng English, Science, Mathematics at Edukasyon sa Pagpapahalaga. Ang mga magiging iskolar ay pipiliin ayon sa pamantayan na itinakda ng DepEd.

Ang mabilis na pag-usbong ng edukasyon, partikular na sa mga makabagong metodolohiya na ginagamit ng mga guro na naapektuhan ng mga makabagong teknolohiya rin na ginagamit ng mga mag-aaral Mills (2023) ang mga pangyayari sa kapaligiran na bunga ng mga pagbabago na nagkaroon ng malaking epekto sa edukasyon. Sinabi ni Ordona (2022),hindi lingid sa ating kaalaman ang mga isyung kinakaharap ng ating bansa partikular sa edukasyon. Kung titingnan ang krisis sa ating bansa lalo na pagadating sa edukasyon tunay ngang nahahati ang mga mamamayan ayon sa kanilang uri ng katayuan sa lipunan . Ang mga mamamayan na masagana ang pamumuhay ay nakatira sa mga lungsod ay may higit na daan sa kalidad ng edukasyon. Habang ang mga maralita ay hindi maaaring iwasan na harapin ang kakulangan ng mga silid-aralan at mga guro at mga paraan upang mapanatili ang pinakamataas na pagkatuto. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino, makatutulong ito upang mapahusay ang kakayahan ng mga estudyante at guro na kanilang makukuha sa pag enrol sa anumang post graduate na kurso.

Sa isang modyul na ginamit ni Habijan banggit sa aklat ni Tuscano (2021) sa paksang Ginagampanang Papel ng Teknolohiya sa K to 12 Kurikulum na may layuning makapagbigay ng isang buong pilipinong may literasi. May kaugnayan din sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa tulong nang pakikinig, pagsasalita,pagbasa at pagsulat, panonood at pagpapahalaga ang nililinang. Dahil sa pamamagitan ng pakikipag usap, pagbibigay suhiestyon, kritikal na pag-iisip,paghubog ng ika-21 siglong mga mag-aaral na taglay ang mga kakayahang umunawa ng impormasyon, media at teknolohiya. Umunawa at magmungkahi ng mga inobasyon at pagbabago, kakayahang makipagtalastasan. Dagdag pa rito,ang kagustuhang matuto ng mga mag-aaral dahil sa angking sining at pagiging malikhain sa pagtuturo ng mga guro sa pamamagitan ng ibat ibang kasanayang pampagkatuto na kanilang nakuha bilang resulta ng kanilang pag enrol sa mga post graduate na kurso.

Sa isang panayam na ginawa ni Gutierez banggit sa aklat ni Fernandez (2021) kanyang ipinahayag na kinakailangan ng umpisahan na dapat ibatay sa mas bago at magandang kaparaanan. Dito ay kinakailangang bigyang ng oportunidad ang mga mag-aaral na mahubog sa kanila ang kakayahang angkop sa ika-21 siglo. Kailangan pataasin at pagtuunan ng pansin ang mga gawain at pataasin ang kagalingan ng mga estudyante sa loob ng paaralan sa larangan ng mga kakailanganing kakayahan sa kanilang paggawa gaya ng maayos na pakikipagtalastasan sa paraang pasulat o pasalita man at higit na paganahin ang kritikal na pag-iisip, fleksibilidad, paglutas ng mga suliranin, pagkamalikhain at kagalingan sa teknolohiya upang mapagtagumpayan ang paghahanda tungo sa pagtatrabaho at pagkatutong pangkabuhayan ng mga kabataan na siyang magtataguyod sa hinaharap. Kung ang mga mag-aaral ay kailangang pagtuunan ng pansin ang mga gawain para pataasin ang kanilang kagalingan sa kanilang pag-aaral, ito ay mas matututunan at madadagdagan pa ng mga guro sa pamamagitan ng pagdukal pa nila ng dagdag na karunungan na maaari nilang makuha at makita hindi lang sa pamamagitan ng pagdalo nila sa mga palihan. Kundi sa pamamagitan rin ng pag enrol sa mga post graduate na kurso na siyang magiging dahilan upang mas dumagdag pa ang kanilang mga kaalaman at ang makikinabang ay hindi lang sila bilang mga guro na may malawak na kaalaman sa isang tiyak na espesyalisasyon na kanilang pinagkadalubhasaan Pati na rin ang mga mag-aaral na siyang magiging end user ng mga bagay na natututuhan ng kanilang mga guro sa pan enrol at pagtamo ng mga titulong master.

Ayon kay Luis sa aklat ni Roncesvalles (2022) na inilathala sa Philippine Journal, ipinahayag niya na ang mga tipikal na guro sa kasalukuyan ay bukas na sa pangunahing pagbabagong hatid ng pagsasanay at muling pagsasanay. Datapwat marahil sapat man ang kanilang pang akademikong kaalaman maging ang personal na katangian ngunit hindi ito ang naging batayan sa tagumpay ng pagtuturo kung kulang ang

ISSN:3116-4692

kaalaman at kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na gamit ang makabagong teknolohiya sa pagtuturo.  Sa panahong sinusubok ang katatagan ng lahat, kahit anumang pangamba ang naka amba ay hindi natitinag ang mga guro dahil sila ay patuloy sa pagdukal ng kanilang karunungan at hindi kuntento lang sa pagtatapos ng kanilang kursong batsilyer sa kolehiyo bagkus ay nagpapatuloy pa sila sa pag enrol sa mga post graduate na kurso.

Mula naman sa Journal, ipinahayag ni Pado sa aklat ni Tuscano (2021) na ang kagalingan ng isang tao sa panahon ng modernong pagtuturo ay nakasalalay sa pagbabago dahil dito makikita ang performans tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kailangang sanayin din ang mga guro na hindi lamang naka pokus sa nilalaman ang mga itinuturo kundi sa pamamaraan kung paano tatayain ang performans ng isang mag-aaral kaya ginagamitan ng teknolohiya upang higit na mabigyang pansin ang paksang tinatalakay. Ang mga teknolohiyang ito ay mas natututunang gamitin ng mga guro dahil sa kanilang pag-aaral sa mga kursong masters sila ay gumagamit rin nito sa paglalahad ng kanilang mga ulat at paglalahad ng kanilang mga gawain sa klase. Sa ganitong pamamaraan ay mas mahuhubog pa ng mga guro ang paggamit ng teknolohiya hindi lang sa kanilang pag-aaral kundi pati na rin sa kanilang pagtuturo sa mga mag-aaral.

Ayon sa artikulong nilikha ni Smith (2021) na tungkol sa pagsusuri ng kasalukuyang aplikasyon ng mga edukasyong natamo ng mga guro sa larangan ng edukasyon at sa literatura, nilinaw kung paano ang mga tool na bahagi ng ating teknolohiya sa kasalukuyan tulad ng automated essay scoring, intelligent tutoring

systems at digital literacy analysis platforms ay maaaring mapabuti ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan. Sinasabing may potensyal ang mga ito na baguhin ang edukasyon sa literatura sa pamamagitan ng pagbibigay ng personalisadong feedback at pagpapalakas ng critical thinking skills ng mga mga-aaral ngunit dahil sa ang mga guro ay may kakayahang gamitin ang mga ito bilang panghalili nila sa kanilang pagtuturo ay hindi kailanman darating ang panahon na  ang mga guro ay mapapalitan na ng mga nabanggit na teknolohiya dahil ang mga ito ay magiging katulong lang nila sa kanilang pagtuturo at pag aaral din nila sa mga masters na kurso kung saan sila naka enrol.

Ayon kina Jia, X.H,& Tu J-C (2024) sa gitna ng epekto ng pandemya ng COVID-19 ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay hinaharap ang ibat-ibang hamon na maaaring negatibong makaaapekto sa kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip dahil sa pagka antala sa edukasyon, pagtaas ng stress at pag-aalala, mas kaunting pakikipag interaksyon sa lipunan at ang pag-usbong ng distansyang pag-aaral na mas umaasa sa mga digital na kagamitan. Sa patuloy na pag-integrate ng teknolohiya sa ibat-ibang sector, ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon ay gumagamit ng ibat-ibang kakayahan ng teknolohiya para sa intelligent campuses at modernisadong pagtuturo ng mga guro. Gayunpaman, hindi pa malinaw kung paano lubusang magagamit ang mga kakayahang ito upang hikayatin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag iisip sa epekto ng pag-aaral dahil ang kritikal nap ag-iisip ay isang mahalagang kasanayan na may malalim na implikasyon sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagsisimula ng pagmulat ng mga guro ng kanilang mga mata sa larangan ng edukasyon lalo na sa kasalukuyang panahon na kailangan na ang titulong master sa promosyon ng mga guro ay nagdudulot ng pangunahing pagbabago sa mga pamamaraan ng pagtuturo at praktika sa edukasyon na kasalukuyang ginagamit ng mga guro dahil isa sa mga batayan sa pagbibigay sa kanilang ng puntos ay ang tinatawag nating COI o classroom  observable instruction at ang NCOI o non classroom observable instruction na kung saan ang mga makabagong estratehiya at metodolohiya na kanilang natutunan sa pag enrol sa kursong masters at mas lalo na yung mga nakapagtapos na ay mas marami ng mga kaaalaman na nailalapat na nila sa kanilang pang araw araw na pagtuturo sa mga mag-aaral.

Ayon kina Smith & Jones (2021) na nagsagawa ng pananaliksik na sumusuri sa epekto ng ng mga aplikasyon ng pag-aaral ng wika batay sa mga teknolohiya tulad ng chatbots at mga app sa pag-aaral ng wika, sa kasanayan sa wika at kabuuang tagumpay akademiko ng -mga mag-aaral. Kasama sa pag-aaral ang isang controlled experiment na may dalawang grupo ng mga mag-aaral, ang isa ay gumagamit ng mga tool na batay sa AI ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga tool na gumagamit ng AI ay nagpapakita ng malaking pagpapabuti sa kanilang kasanayan sa wika kabilang ang bokabularyo, grammar at pagbigkas. Ang mga nabanggit at ang mga ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo sa kasalukuyang panahon na iba na ang ating mga mag-aaral.

Ayon din kay Martinez mula sa (2021), ang mga guro ang pinakamahalaga pagdating sa school-based factor na nakaiimpluwensya sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Ang mga tool na kanilang ginagamit ay nagpapataas ng kagyat na motibasyon, pakikilahok at tagumpay akademiko ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga karanasan sa kanilang pag-aaral . Ang mga tool na ito ay kanilang natututuhan hindi lang sa pamamagitan ng pagdalo nila sa mga palihan kundi pati na rin sa pag enrol nila sa mga kurso gaya ng masteral.

Ayon sa isang pag-aaral na ginawa ni EduBirdie (2023), ang pagtamo ng mga guro ng tituIong master ay may malaking epekto sa proseso ng pag-aaral ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Sa pag-aaral na ito, ang EduBirdie ay nagsagawa ng sarbey sa 1,000 full time at part-time na mag-aaral sa buong US. Ang mga mag-aaral ay ginamitan ng mga AI powered na mga tool sa kanilang writing assignments, projects, research, idea development at spell at grammar check sa loob ng tatlong linggo. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay binanggit ang kahalagahan ng pag enrol ng mga guro sa titulong master na siyang nagiging dahilang upang ang kaalaman ng mga guro ay mas lalo pang madagdagan at ang mga kaalamang ito ay kanilang nailalapat sa kanilang pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral.

Sa ibang pag-aaral, ang pag enrol sa masters ay ginamit para malaman ang relasyon ng mga mag-aaral sa isang partikular na kurso at ang kanilang social backgrounds, previous achievements at academic environments. Ang mga data ay kinolekta at saka prinoseso, nilinis , filtered at normalized at saka kinlasipika gamit ang artificial neutral network technique o ANN (Rashid ,2021). Dito ay nabanggit rin na ang pag enrol ng mga guro sa masters ay may malaking epekto sa kasanayan at kaaalaman na kanilang naibabahgai sa mga mag-aaral.

Batay naman sa blog post ng Classpoint noong 2023, ang pag enrol sa masters ay nagbibigay ng agad at eksaktong pagsusuri sa performance ng mga mag-aaral. Kung ano ang natutuhan ng mga guro ay agad agad nilang ibinabahagi sa kanilang mga mag-aaral Ang mga sistemang ito ay nag-aaral ng mga tugon at nagbibigay ng malalim na feedback na mabilis at walang kinikilingan. Ito ay nagbibigay daan para sa mga mag-aaral na matukoy ang mga aspeto na kailangan nilang mapabuti at agad na maayos ang mga pagkakamali na may nagpapabilis ng kanilang pagkatuto dahil sa harap mismo ng klase ay naitatama na ng mga guro ang mga pagkakamaling nagagwa ng kanilang mga mag-aaral gamit ang mga estratehiya at teknik kung paano nila epektibong pakikitunguhan ang mga mag-aaral gamit ang kanilang natutuhan sa pagkuha ng kursong masters.

**Kaugnay na Pag-aaral**

Ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng sorsogon. Ang ginawang pananaliksik ay ibinatay ng kasalukuyang mananaliksik sa mga sumusunod na pag-aaral upang mas lalong mapaunlad at mapahusay ito.

Ayon sa pag-aaral ni Repane (2021) mga panteknolohiyang kagamitang pampagtuturo na ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang dalawang pag-aaral ay magkaugnay sapagkat sa unang pag-aaral ay binibigyang tuon ang mga teknolohiya na maaaring gamitin ng mga guro sa kanilang pagtuturo samantalang sa kasalukuyang pag-aaral naman ay binibigyang pansin ang epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa Lalawigan ng Sorsogon. May pagkakapareho sila at may pagkakaiba dahil sa una ang binigyan ng tuon ay ang mga mag-aaral na gumagamit ng teknolohiya sa kanilang pag-aaral samantalang sa kasalukuyang pag-aaral naman ay binigyan ng tuon ay ang mga guro na nagtamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng Sorsogon.

Para sa mga kabataan noon, ang pagbabasa ng mga libro, diksyonaryo, pahayagan at artikulo ang tanging pinagmumulan ng mga impormasyon. Gayunpaman, sa paglipas ng panahon at pagsulong ng kontemporaryong teknolohiya. Ang mundo ay patuloy ng umuunlad at ang mga tao ay nararapat na umangkop. Nalalapat din ito sa teknolohiya at edukasyon sapagkat mas napapadali nito ang ating mga gawain. Dahil nasa ilalim na tayo ng digital natives, ang mga kabataan sa ngayon ay umaasa sa teknolohiya pagdating sa konseptwalisasyon ng edukasyon. Sa paglago ng teknolohiya, sa pagbabagong ito, umusbong ang mga pagbabagong nararanasan hindi lang ng mga guro kundi pati na rin ng mga mag-aaral.

Si Dacir (2013) banggit sa pag-aaral ni Roncesvallles (2022) gumawa ng isang pananaliksik ukol sa paggamit ng mga video clips sa pagtuturo. Ang mga video clip na ito ay hindi lalampas sa 10 minuto kayat hindi mababagot ang mga mag-aaral. Napakabisa nito dahil hindi lang sila may makikita , may maririnig pa, audio visual ika nga. Ang dalawang pag-aaral na ito ay magkaugnay sapagkat ang video clip na nabanggit ng una sa kanyang pananaliksik ay isa sa mga bagay na natutuhan ng guro sa pagtamo ng kanyang titulong master na naging resulta ay ang kanyang pagtamo rin ng mga makabagong Teknik at estratehiya sa pagtuturo sa kanyang mga mag-aaral. Ang kaibahan naman nila ay sa unang pananaliksik ang pokus ay ang mga mag-aaral at sa kasalukuyang pananaliksik ang pokus ay ang mga guro sa Junior High School.

Ayon sa pag-aaral ni Pena (2020) sa kanyang tesis na Tracer Study sa mga Nagsipagtapos ng Master ng Artes sa Filipino de Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (2017-2020). Sa pag-aaral na ito ay nilayong malaman ang kasalukuyang kalagayan ng mga nagtapos ng kursong Master of Arts in Filipino of Polytechnic University of the Philippines (2017-2020). Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay nalaman kung ano na ang kalagayan at pag unlad ng mga nagsipagtapos sa nasabing paaralan at kung ano ang naging kaugnayan ng kanilang natapos na kurso sa kanilang kasalukuyang kalagayan. Ito ay may pagkakapareho sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat parehong mga guro ang kanilang naging respondents at parehong mga gurong nagtamo ng titulong master ang kanilang binigyan ng pansin. Ang pagkakaiba lang ang una ay naka pokus sa mga nagtapos sa Polytechnic University of the Philippines samantalang ang huli ay nakatuon sa mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon.

Ayon kay Reyes (2014) banggit sa aklat ni Repane 2021, ang pananaliksik sa malikhaing pagsulat at ang pananaliksik sa akademikong pagsulat ay nilinaw niya na hindi katulad ng pagsulat sa mga akademikong saliksik na kung saan ito ay teknikal at may pamamaraang cut at paste, mayroong setting o tagpuan naman sa mga saliksik sa malikhaing pagsulat. Binigyang diin din ni Reyes na kaakibat lagi ang kultura kung saan makikita ang pinagmulan ng may akda at iniinugan ng ginawang kuwento o saliksik. Sa akademikong pagsulat, mayroong mabubuong kasagutan kapag kumpleto ang mga nalikom na datos. Samantala sa malikhaing pagsulat magsisimula pa lamang ang problema pagakatapos makakuha ng impormasyon. Ang dalawang pag-aaral na ito ay may pagkakapareho dahil sa kasalukuyang pananaliksik ay kinapapalooban din ng tungkol sa pagsulat ng pananaliksik ng mga guro na nagtamo ng kanilang titulong master at sa una ay pinag usapan din ang tungkol sa pananaliksik ang kaibahan nga lang sa una ang

pananaliksik ay ginagawa ng mga mag-aaral at sa kasalukuyang pag-aaral ang pananaliksik ay ginawa ng mga guro bilang bahagi ng kanilang pangangailangan para sa kanilang pagtatapops sa masters.

Sa papel ni Noval (2020) na may pamagat na Silip sa Kwento ng mga Mag-aaral na Panggabi: Awtobayograpikal na Salaysay ng Pagpupursige at Tagumpay. Ginalugad sa papel na ito ang buhay ng mga panggabing mag-aaral sa kolehiyo bilang gabay sa pagbuo ng isang koleksyon ng mga awtobayograpikal na naratibo ng mga mag-aaral na panggabi. Nilayon din nitong masuri ang dahilan ng mga kalahok na mag-aaral sa panggabing pag-aaral, mga pagsubok na kanilang kinakaharap at mga paraan upang malagpasan ang mga pagsubok. Ginamit sa pag-aaral ang awtobayograpikal na naratibong pamamaraan ng pananaliksik. Natukalasan sa pag-aaral ang pinaka nangungunang pagsubok na nararanasan ng mga mag-aaral na panggabi ay ang oras o ang time management.

Sa aklat naman na Penomenolohiya sa Lakbay Pagkatuto ng mga Nakapagtapos ng Master of Arts sa Filipino sa Lalawigan ng Bohol ni Doria, ASrbastro (2024) nakapaloob sa mala kapsulang diskriptor 7 ang mga pamantayang ipinatupad ng Commission on Higher Education para sa mga paaralang gradwado sa programang master lalo na sa pamantayang mas maunlad na kaalaman ay kasanayan at pagkatutong panghabambuhay. Sa pagsasaalang alang sa mga nabanggit na pamantayan, hinangad ng mananalikisk na masubaybayan ang transpormasyon ng mga mag-aaral sa tulong ng kanilang pag-aaral sa Master of Arts Teaching in Filipino na hinango sa mga panayam sa 12 mag-aaral na nagtapos sa dalawang Pamantasan ng Bohol. Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat parehong ang binigyan nila ng pansin ay ang mga nag enrol sa kursong masters. Magkaiba lang sila dahil sa una ang mga respondents ay mula sa dalawang Pamantasan sa Bohol samantalang sa kasalukuyang mananaliksik ay mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon. Magkaiba rin ang bilang ng kanilang respondents. Sa unang pag-aaral ang bilang ng respondents ay 12 mag-aaral sa dalwang Pamantasan ng Bohol samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ay isandaang (100) guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon

Florendo (2023) Ang teknolohiya ay maaaring maging isang mahalagang mapagkukunan sa mas mataas na edukasyon upang mapabuti ang pagsusulat, sapagkat ito'y kayang mag generate ng mga teksto at magbuod ng impormasyon at gumawa ng balangkas upang makatipid sa oras at mapabuti ang kalidad ng trabaho. Bukod dito, ito ay may kakayahan ding makilala ang mga error sa grammar at estilo, na nagpapadali sa pagkakaunawa sa mga sinulat (Atlas, 2023) Ang paggamit ng teknolohiya at iba pang AI research assistant ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng karagdagang pagsisiyasat at talakayan. Ayon sa isang pag-aaral, ang paggamit ng mga teknolohiya sa mga setting ng akademiko ay maaring malagay sa panganib ang katapatan at inrtegridad ng gawaing akademiko (Guzman, 2022). Kabilang dito ang panganib ng paggamit ng teknolohiya upang lumikha ng hindi orihinal na nalalaman, na nagkakaroon ng epekto sa kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral. Ito ay may kauganyan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat sa kasalukuyang pananaliksik ay ginamit ng mga guro na nagtamo ng titulong master ang mga nabanggit na teknolohiya bilang pantulong na kagamitang upang hindi sila mahirapan na pagsabayin ang kanilang pag-aaral at ang kanilang pagtuturo.

Samantala, ang mga mag-aaral ay makakakuha ng mga impormasyon at ideya galing sa mga mag-aaral na nagtamo na ng titulong master (Reyes, 2021). Gayunpaman, hindi nito maaaring gawin ang papel ng aktwal na pag-aaral at pag-unawa sa mga konepto. Kabilang sa mga karagdagang mahalagang salik na maaaring hindi ganap na saklawin ng isang AI assistant ang pag-unawa sa kultura at konteksto. Sa karagdagan, ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang mga kasanayan sa pagsasaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at mapagkukunan hinggil sa isang particular na paksa, pag mungkahi ng mga hindi pa natutuklasang aspeto at pagtuturo sa kanila ng mga bagong paksa sa pananaliksik na nagbibigay daan ng mas mabuting pag-unawa at pag-aaral ng paksa (Kasneci et.al, 2023).

Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Ayon naman kay (Kung et.al, 2023) ito ay makatutulong sa edukasyong medikal at klinikal na pagdedesisyon sapagkat ito ay naglalabas ng mga tumpak na sagot sa mga pagsusulit sa lisensyang medikal. Sinabi rin ni ( Rudolph et.al, 2023) na ang pagtatamo ng titulong master ay may kakayahang magpromote ng usapan na katulad ng sa mga tao ang kahusayan nito at ang pagiging cost-effective nito dahil hindi mangangailangan ng pagsasayang ng gastos mo sa matrikula dahil tiyak na ang mga natututunan ng mga mag-aaral habang siya pa lamang ay nakaenrol hanggang sa siya ay matapos ng kanyang titulong masters ay magagamit nya sa pagtuturo sa kanyang mga mag-aaral at maggamit niya rin para sa kanyang promosyon.

Binigyang pansin naman sa pag-aaral ni Longcop (2021) banggit sa pag-aaral ni Recio na ang pagtamo ng titulong master ng mga guro ay Malaki ang papel na ginagampanan hindi lang sa kanilang propesyunal na tahakin kundi pati na rin sa larangan ng kanilang pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral dahil ang lahat ng kanilang mga kaalaman natamo ay nagagamit nila sa kanilang pang araw-araw na pagtuturo.

**Balangkas Teoretikal**


Makikita sa Pigura 1 ang paradaym ng Balangkas Teoretikal. Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teorya ni Jerome Bruner (1996) tungkol sa *Theory of Learning* na nagsasaad na ang pagkatuto ay isang gawaing pangkaisipan at aktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng bagong ideya at konsepto batay sa kanilang karanasan. Sa ganitong pananaw, mahalagang isaalang-alang ng guro ang kalagayan at pangangailangan ng mga mag-aaral, kabilang ang kanilang paggamit ng mga makabagong teknolohiya at aplikasyon (apps) na maaaring makaapekto sa kanilang paraan ng pagkatuto, disiplina, at pagsisikap sa pananaliksik dahil sa madaling pag-access ng impormasyon.

Ang ganitong pananaw ay naaayon sa Republic Act No. 10533 (Enhanced Basic Education Act of 2013) na naglalayong mapataas ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng makabagong kurikulum at metodolohiya ng pagtuturo. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pag-angkop ng guro sa nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

Ayon kina Paul, Salwen, at Dupagne (2017), na binanggit sa aklat ni Amor (2021), mas pinaniniwalaan ng mga tao na ang iba ay higit na naaapektuhan ng mass communication kaysa sa kanilang sarili.

Pinagtitibay ito ng *Media Richness Theory* na nagsasaad na ang artificial intelligence at iba pang teknolohiya ng komunikasyon ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng impormasyon at pakikipag-ugnayan. Ang epekto nito ay nakasalalay sa kakayahan nitong maimpluwensyahan ang pananaw, pag-uugali, at paniniwala ng mga gumagamit nito.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692




**Pigura 1. Balangkas Teoretikal**

Ang ganitong pag-unlad ay sinusuportahan din ng Republic Act No. 7836 (Philippine Teachers Professionalization Act of 1994) at DepEd Order No. 42, s. 2017 (Philippine Professional Standards for Teachers - PPST) na kapwa nagtataguyod ng patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro, kabilang ang pagkuha ng Master's degree bilang bahagi ng kanilang career advancement at professional growth.

Mula sa mga nabanggit na teorya at legal na batayan, nabuo ng mananaliksik ang Teoryang HIRAYA 2026. Ang teoryang ito ay nagsasaad na sa makabagong panahon, maraming pagbabagong nagaganap hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga polisiya, patakaran, at pamantayang ipinatutupad ng Department of Education (DepEd) sa mga guro.


Ang Teoryang **HIRAYA 2026** ay nabuo ng mananaliksik noong taong 2026 bilang tugon sa mga hamon ng makabagong panahon. Ipinapakita nito na sa kabila ng mga suliranin sa buhay, hindi dapat maging hadlang ang mga ito sa pag-abot ng pangarap na makamit ang Master's degree at tagumpay sa larangan ng edukasyon.

**Balangkas Konseptwal**

Sa balangkas konseptwal na makikita sa Pigura 2, inilalahad ang mahahalagang konseptong kaugnay ng kasalukuyang pananaliksik. Isinagawa ang sarbey upang matukoy ang epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon.Sa pamamagitan ng sarbey, inalam ang mga sumusunod: ang antas ng pagtamo ng Master's degree ng mga guro sa mga paaralang saklaw ng pag-aaral; ang pangunahing epekto ng pagkakaroon ng

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Master's degree sa kanilang pagganap sa pagtuturo; at ang ugnayan ng pagkakaroon ng Master's degree sa promosyon ng mga guro batay sa pamantayan ng Department of Education (DepEd). Sinuri rin kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng promosyon sa pagitan ng mga gurong may Master's degree at ng mga wala nito.




**Pigura 2. Balangkas Konseptwal**

Batay sa resulta ng sarbey at pagtataya, nakabuo ang kasalukuyang mananaliksik ng isang mungkahing polisiya na maaaring magsilbing gabay sa epektibo at responsableng paggamit ng artificial intelligence (AI) ng mga guro at mag-aaral sa mga pampublikong paaralang sekundarya sa lalawigan ng Sorsogon, bilang suporta sa mas makabagong pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang mga hakbang sa pagsasagawa ng pag-aaral ay kinabibilangan ng paggawa ng sarbey questionnaire, pagpapa-validate ng instrument, pangangalap ng datos, at masusing pagsusuri at pag-aanalisa ng mga nakalap na impormasyon na may kaugnayan sa epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro.

Ang awtput ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay para sa mga guro upang higit pang mapaunlad ang kanilang pagtuturo at mapalakas ang kanilang propesyonal na paglago at promosyon sa larangan ng edukasyon.

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag -aaral**

Ang pangunahing saklaw ng pananaliksik na ito ay ang pagtukoy sa antas ng pagtamo ng Master's degree ng mga guro sa mga paaralang saklaw ng pag-aaral. Aalamin din dito ang pangunahing epekto ng pagkakaroon ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo ng mga guro. Isa rin sa layunin ng pag-aaral na ito ang tukuyin ang ugnayan ng pagkakaroon ng Master's degree sa promosyon ng mga guro batay sa pamantayan ng Department of Education (DepEd), gayundin ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng promosyon sa pagitan ng mga gurong may Master's degree at ng mga wala nito.

Gumamit ang pag-aaral na ito ng *deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik* at isinagawa sa 100 guro na nagtuturo sa Junior High School sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Sorsogon. Ang mga respondente ay natukoy sa pamamagitan ng *stratified random sampling*. Tseklist o questionnaire ang ginamit bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos.

Ang pag-aaral ay sumasaklaw sa Taong Panuruan 2020–2025 upang masuri ang bilang ng mga gurong nagkaroon ng promosyon sa loob ng limang (5) taon sa Junior High School sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Sorsogon.

Hindi kabilang sa pag-aaral na ito ang mga gurong nagtuturo sa antas elementarya, Senior High School, at tersarya o kolehiyo. Hindi rin saklaw nito ang mga mag-aaral sa alinmang antas—elementarya, Junior High School, Senior High School, at tersarya—pati na rin ang mga mag-aaral sa mga pribadong paaralan.

**METODOLOHIYA**

Inilahad sa kabanatang ito ang disenyo at mga pamamaraang ginamit sa kasalukuyang pananaliksik. Kabilang dito ang mga pinagkukunan ng datos, mga teknik at paraan ng pagsasagawa, at iba pang mahahalagang impormasyong makatutulong sa pagsagot sa mga suliranin ng pag-aaral tungkol sa epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *quantitative descriptive research design* na nakatuon sa paglalarawan ng propayl ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon. Layunin ng ganitong disenyo na makalikom ng datos na magpapakita ng kasalukuyang kalagayan ng paksang pinag-aaralan.

Ginamit din ang *cross-sectional design* na ayon kay Skinner (2000), ay tumutukoy sa pag-aaral ng iba't ibang grupo ng kalahok sa iisang panahon upang matukoy ang pangkalahatang kalakaran sa isang partikular na oras.

Ayon naman kay Sevilla (2000), sa paraang ito ay nakalilikom ng impormasyon tungkol sa kasalukuyang sitwasyon ng isang paksa sa pamamagitan ng pagbibigay ng interpretasyon, kahulugan, at kabuluhan ng mga datos na inilarawan.

Dagdag pa rito, gumamit din ng *palarawang pagsusuri (descriptive analysis)* upang higit na maipaliwanag at mabigyang-kahulugan ang mga datos na nakalap sa pag-aaral.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Mga Respondent**

Ang mga naging respondent sa pag-aaral na ito ay isang daan (100) guro na nagtuturo sa Junior High School mula sa mga malalaking pampublikong paaralang sekondarya sa lalawigan ng Sorsogon, kabilang ang Pilar National Comprehensive High School, Abucay National High School, Bayasong National High School, Salvacion National High School, Cumadcad National High School, Gubat National High School, Juban National High School, Casiguran Technical Vocational School, at Barcelona National Comprehensive High School.

Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng *total enumeration*, kung saan ang lahat ng gurong kabilang sa saklaw ng pag-aaral ay isinama bilang mga respondent.

Sa kabuuan, mayroong isang daang (100) gurong respondent mula sa iba't ibang paaralan sa lalawigan ng Sorsogon. Sa Unang Distrito, may labing-anim (16) mula sa Pilar National Comprehensive High School, pito (7) mula sa Abucay National High School, siyam (9) mula sa Bayasong National High School, walo (8) mula sa Salvacion National High School, at labindalawa (12) mula sa Cumadcad National High School.

Samantala, sa Ikalawang Distrito, may kabuuang apatnapu't walo (48) na respondente, na binubuo ng dalawampu't isa (21) mula sa Gubat National High School, pito (7) mula sa Juban National High School, labintatlo (13) mula sa Casiguran Technical Vocational High School, at pito (7) mula sa Barcelona National Comprehensive High School.

Ang mga respondent ay sumagot sa mga talatanungan na inihanda at ipinamahagi ng mananaliksik upang masagot ang mga suliranin ng pag-aaral.

**Teknik**

Ang pag-aaral na ito, na tumutukoy sa epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon, ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pamimigay ng mga talatanungan at tseklist sa mga respondente na guro mula sa Una at Ikalawang Distrito ng Sorsogon. Kabilang dito ang mga guro mula sa Pilar National Comprehensive High School, Abucay National High School, Bayasong National High School, Salvacion National High School, Cumadcad National High School, Gubat National High School, Juban National High School, Casiguran Technical Vocational School, at Barcelona National Comprehensive High School.

Ang mga nakalap na datos ay sinuri at binigyan ng interpretasyon ng mananaliksik upang matukoy ang epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon.

**Instrumento**

Ginamit ng mananaliksik ang apat na talatanungan upang sagutan ng mga respondent. Mga guro ang sumagot sa una hanggang ikatlong talatanungan tungkol sa Antas ng pagtamo ng mga guro ng titulong master sa paaralang pinagtutuunan ng pag aaral. Mga guro din ang sumagot sa ikalawang katanungan sa pangunahing epekto ng pagkakaroon ng titulong master at sa pamamagitan naman ng ikatlong talatanungan ay nasagot din ang katanungan tungkol sa ugnayan ng pagkakaroon ng titulong master sa promosyon ng

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

mga guro batay sa pamantayan ng deped.Sa ikaapat na talatanungan may kabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng promosyon sa pagitan ng mga gurong may titulong master at ng mga wala nito.

**Paraan ng Pagsasagawa ng Pananaliksik**

Dumaan sa maayos na proseso ang isinagawang pananaliksik upang matukoy ang mga impormasyong may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Nagsagawa ang mananaliksik ng mga hakbang upang makalikom ng mga kinakailangang datos na ginamit sa pagsusuri ng pag-aaral.

Ginamit sa pananaliksik ang *quantitative descriptive research design* na nakatuon sa paglalarawan ng propayl ng mga guro na nagtuturo sa Junior High School sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Sorsogon.

Upang matukoy ang epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang:

**Pansilid-Aklatang Pananaliksik**. Nagsagawa ang kasalukyang mananaliksik ng malawakang paghahanap ng kaugnay na literatura at kaugnay na pag-aaral tungkol sa kanyang suliranin. Ang nakakalap na datos ay galing sa mga aklat, tesis, disertasyon , dyornal at iba pang babasahin ay sasalain upang ilapat at iangkop ito sa kasalukuyang suliranin.

**Paghahanda ng Talatanungan**. Gumawa ang mananaliksik ng talatanungan at tseklist na ipinamudmod at pinasagutan sa mga respondent na guro mula sa siyam (9) na pampublikong sekondaryang paaralan sa lalawigan ng Sorsogon. Ang mga nabanggit na instrumento ay iniharap at ipinasuri sa kanyang tagapayo, gayundin sa mga juror na pawang mga mag-aaral sa kursong Master sa Filipino sa Paaralang Gradwado ng Bicol College, Inc.

Ang mga talatanungan at tseklist ay binago batay sa mga puna at mungkahi ng mga juror at tagapayo upang higit pang mapahusay ang nilalaman at maging mas epektibo ang mga ito bilang instrumento ng pananaliksik.

**Paghahanda ng Liham**. Gumawa ng liham pahintulot/rekomendasyon na nabatid ng Dekano ng Paaralang Gradwado ng Bicol College, Inc. at pinagtibay ng Punongguro, upang maisagawa ang pananaliksik. Layunin nito ang pagbibigay ng pahintulot na maipamahagi at mapasagutan sa mga respondent na guro ang mga talatanungan at tseklist na gagamitin sa pag-aaral.

**Try-out**. Upang higit pang mapakinis ang ginawang talatanungan para sa mga gurong respondent, isinagawa ang *try-out* nito sa Donsol National Comprehensive High School, Sangay ng Sorsogon. Ang sipi ng tseklist at talatanungan ay aktwal na pinasagutan sa isang daang (100) guro mula sa nasabing paaralan upang mataya kung ito ay malinaw at lubos na nauunawaan.

Matapos ang pagsusuri, isinagawa ang ilang rebisyon sa talatanungan at tseklist batay sa naging resulta ng try-out. Pagkatapos nito, inihanda ang pinal na bersyon ng mga instrumento na siyang ipinamudmod sa mga gurong kasangkot sa pag-aaral.

**Pamumudmud ng Talatanungan**. Pagkatapos mapagtibay ang kahilingang pahintulot ng mananaliksik mula sa Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Sangay ng Sorsogon, naghanda ang

mananaliksik ng liham para sa mga punongguro ng bawat paaralan upang maisagawa ang pamimigay ng mga talatanungan at tseklist sa mga respondent.

Personal na ipinamudmod ng mananaliksik ang mga talatanungan sa mga guro, sa halip na gumamit ng Google Forms, sapagkat mas pinili ang face-to-face na pamamaraan upang masiguro ang malinaw na pagpapaliwanag at tamang pagsagot ng mga respondent.

Matapos masagutan ang mga instrumento, personal ding kinolekta ng mananaliksik ang mga ito sa bawat paaralang kalahok sa pag-aaral. Naitala na 100% ng mga talatanungan at tseklist ay naibalik sa mananaliksik.

**Pagsagot sa Talatanungan at Tseklist.** Pagkatapos maisagawa ang rebisyon sa mga talatanungan at tseklist, ito ay ipinasagot sa isang daang (100) guro mula sa Pilar National Comprehensive High School, Abucay National High School, Bayasong National High School, Salvacion National High School, Cumadcad National High School, Gubat National High School, Juban National High School, Casiguran Technical Vocational School, at Barcelona National Comprehensive High School.

**Pagbibigay-halaga sa mga Datos.** Pagkatapos makuha ang mga datos, ang mga ito ay masusing sinuri at natukoy ang kinakailangang impormasyon na sasagot sa mga suliranin ng kasalukuyang pag-aaral. Batay sa mga nalikom na datos, naghanda ang mananaliksik ng mga talahanayan na ginamit sa pagbibigay-kahulugan at pagsuri sa mga impormasyon.

Ang mga datos ay sinuri upang matukoy ang epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon. Ang mga nalikom na kasagutan ay nagsilbing batayan sa mas malalim na pagsusuri at interpretasyon ng mga resulta ng pag-aaral.

## Istatistikang Ginamit

Ang mga sumusunod na istatistikal na pamamaraan ay ginamit ng mananaliksik upang mabigyan ng linaw at maging tiyak ang kasagutan sa mga suliraning inilahad sa pag-aaral na ito.

**Pagbilang o Frequency Count.** Ginamit ang pamamaraang ito upang matukoy ang kabuuang bilang ng mga kasagutan sa bawat aytem ng talatanungan na sumasaklaw sa iba't ibang lebel ng mga indikeytor sa pag-aaral.

**Pagraranggo o Ranking.** Ginamit ito upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga indikeytor batay sa mga naging kasagutan ng mga respondent na guro sa Junior High School. Layunin din nitong matukoy kung aling iskala ang may pinakamataas at pinakamababang antas batay sa mga tugon ng mga kalahok.

**Weighted Mean.** Ginamit ang paraang ito upang maipaliwanag at masuri ang datos sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaukulang bigat o halaga sa bawat aytem na nakapaloob sa talatanungan at tseklist.

Ang pormula sa pagkuha ng weighted mean:

$$\text{Mean} = \frac{\sum x}{N}$$

na ang X = Weighted Mean

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

f = halaga o bigat ng aytem

X = bilang ng bawat aytem

N = bilang ng respondent

**Likert Scale**. **Likert Scale.** Ayon kay Kumar (2000), ang Likert Scale ay nakabatay sa palagay na ang bawat pahayag ay may katumbas na saloobin o pagpapahalaga na sumasalamin sa pananaw ng mga respondente tungkol sa isang paksa. Dagdag pa nina Pagoso et al. (2021), na binanggit sa aklat ni Orbita (2022), ito ay isang paraang ginagamit sa panlipunang pananaliksik na sumusukat sa antas ng pagsang-ayon o pagtutol mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababang antas.

Ang Likert Scale ay ginamit sa pagsusuri ng epekto ng pagtatamo ng Master's degree sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa lalawigan ng Sorsogon.

Narito ang Likert Scale na ginamit sa pagsusuri sa epekto ng pagtamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa Junior High School sa Lalawigan ng Sorsogon. Ang iskala na ginamit sa pag-aaral ay isang **5-point Likert Scale** na may katumbas na marka at deskriptibong antas upang masukat ang antas ng epekto ng mga baryabol sa pananaliksik.

Ang **markang 5 (4.21–5.00)** ay nangangahulugang *"May Mataas na Epekto"*, na nagpapakita na ang isang salik o pahayag ay lubos na nakaaapekto at may napakalakas na impluwensiya ayon sa mga respondente.

Ang **markang 4 (3.41–4.20)** ay tumutukoy sa *"May Epekto"*, na nagpapahiwatig na ang isang salik ay may malinaw at makabuluhang epekto ngunit mas mababa kumpara sa pinakamataas na antas.

Ang **markang 3 (2.61–3.40)** ay nangangahulugang *"May Katamtamang Epekto"*, na nagsasaad na ang impluwensiya ay nasa gitnang antas lamang o hindi gaanong malakas.

Ang **markang 2 (1.81–2.60)** ay tumutukoy sa *"Walang gaanong Epekto"*, na nagpapakita na ang isang salik ay may bahagyang impluwensiya lamang at hindi gaanong nararamdaman.

Samantala, ang **markang 1 (1.00–1.80)** ay nangangahulugang *"Walang Epekto"*, na nagpapakita na ang isang salik ay hindi nakaaapekto batay sa pananaw ng mga respondente.

| Iskala | Marka | Palarawang Antas |
|---|---|---|
| 5 | 4.21-5.00 | May Mataas na Epekto |
| 4 | 3.41-4.20 | May Epekto |
| 3 | 2.61-3.40 | May Katamtamang Epekto |
| 2 | 1.81-2.60 | Walang gaanong Epekto |
| 1 | 1.00-1.80 | Walang Epekto |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**EPEKTO NG PAGTATAMO NG TITULONG MASTER SA PAGGANAP SA PAGTUTURO AT SA PROMOSYON NG MGA GURO SA JUNIOR HIGH SCHOOL SA LALAWIGAN NG SORSOGON**

Inilahad rito ang mga pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap tungkol sa epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng Sorsogon. Ang mga nakalap na datos ay inilagay sa talahanayan para sa higit na ikalilinaw at ikadadali ng pagsusuri sa epekto ng pagtatamo ng titulong master sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro sa junior high school sa lalawigan ng Sorsogon.

Batay sa talahanayan 1 na nagpapakita ng antas ng pagtamo ng Master's degree ng mga guro sa Junior High School sa Sorsogon, makikita ang iba't ibang katangian ng mga respondente ayon sa kasarian, edad, katayuang sibil, katungkulan, kaligirang pang-edukasyon, at taon ng serbisyo sa pagtuturo.

Sa kasarian, mas marami ang mga babaeng guro (68) kaysa sa mga lalaking guro (32), na nagpapakita na mas aktibo ang kababaihan sa pagkuha ng karagdagang pag-aaral, kaya ito ay may mataas na antas.

Sa edad, pinakamalaki ang bilang ng mga guro na nasa 30–39 taong gulang (50), kasunod ang 20–29 (30), 40–49 (13), at 50 pataas (7). Ipinapakita nito na ang mga nasa gitnang edad ang may pinakamaraming partisipasyon sa graduate studies, habang ang mas matatandang grupo ay may mas mababang antas.

Sa katayuang sibil, karamihan ay may asawa (68), sinundan ng walang asawa (30), at kaunti lamang ang biyudo/biyuda (2). Ipinapakita nito na kahit may responsibilidad sa pamilya, patuloy pa rin ang mga guro sa pag-aaral, kaya ito ay may mataas na antas.

Sa katungkulan, karamihan ay nasa Guro I (50), sinundan ng Guro II (27) at Guro III (21), habang kakaunti lamang ang nasa mas mataas na posisyon tulad ng Master Teacher I (2). Ipinapakita nito na mas aktibo sa pag-aaral ang mga nasa mas mababang ranggo, kaya may mataas na antas sa entry level at mababang antas sa advanced positions.

**Talahanayan I**

**Antas ng Pagtamo ng mga Guro ng Titulong Master sa Junior High School sa Sorsogon**

**N=100**

| Indikeytor | Frequency (f) | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| **Kasarian** | | | Mataas na Antas |
| Babae | 68 | 1 | Mababang Antas |
| Lalaki | 32 | 2 | |
| **Edad** | 7 | 4 | Mababang Antas |
| 50-pataas | 13 | 3 | Mataas na Antas |
| 40-49 | 50 | 1 | |
| 30-39 | 30 | 2 | |
| 20-29 | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Katayuang Sibil**<br>Walang Asawa<br>May Asawa<br>Biyudo/Biyuda<br>Hiwalay<br>At iba pa | 30<br>68<br>2<br>0<br>0 | 2<br>1<br>3 | Mataas na Antas<br>Mababang Antas |
| **Katungkulan**<br>Guro I<br>Guro II<br>Guro III<br>Master Teacher I<br>Master Teacher II<br>Head Teacher I<br>Head Teacher II<br>Head Teacher III<br>Head Teacher IV<br>Head Teacher VI<br>Assistang Principal<br>Principal I | 50<br>27<br>21<br>2<br>0<br>0<br>0<br>0<br>0<br>0<br>0<br>0 | 1<br>2<br>3<br>4 | Mataas na Antas<br><br>Mababang Antas |
| **Kaligirang Pang Edukasyon**<br>Batsilyer ng Edukasyong Sekondarya na may Espesyalisasyon sa Filipino<br><br>Master sa Edukasyon sa Filipino) May Yunit (sa Pagkadalubhasa o Dalubguro sa Filipino<br><br>Doktor ng Pilosopiya sa Filipino<br><br>At iba pa | 51<br><br>18<br><br>8<br><br>3 | 1<br><br>2<br><br>3<br><br>4 | Mataas na Antas<br><br>Mababang Antas |
| **Bilang ng Taon sa Pagtuturo**<br><br>20 pataas<br>15-19<br>10-14<br>5-9<br>4 pababa | <br><br>8<br>14<br>16<br>29<br>33 | <br><br>5<br>4<br>3<br>2<br>1 | <br><br>Mababang Antas<br><br>Mataas na Antas |
| **Kabuohan** | **Kabuohan** | **Kabuohan** | **Kabuohan** |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Sa kaligirang pang-edukasyon, pinakamarami ang may Batsilyer sa Edukasyong Sekondarya na may espesyalisasyon sa Filipino (51), kasunod ang may Master's units (18), may Master's degree (8), at Doctorate (3). Ipinapakita nito na mas marami pa ang nasa undergraduate level ngunit may layuning umangat sa propesyon, kaya ito ay may *mataas na antas* sa basic level at *mababang antas* sa advanced level.

Sa bilang ng taon sa pagtuturo, pinakamalaki ang may 4 pababa (33), sinundan ng 5–9 taon (29), 10–14 (16), 15–19 (14), at 20 pataas (8). Ipinapakita nito na mas aktibo sa graduate studies ang mga gurong nasa mas maikling taon pa lamang sa serbisyo, kaya may mataas na antas sa early years at mababang antas sa mas matagal nang serbisyo.

Dagdag pa rito, ipinapakita ng mga datos na ang pagnanais na makapagtamo ng Master's degree ay hindi lamang nakasalalay sa mga personal na salik tulad ng kasarian at edad, kundi maging sa mga pangangailangang propesyonal ng mga guro para sa kanilang pag-unlad sa karera. Makikita na ang mas mataas na partisipasyon ng mga gurong nasa entry-level positions ay maaaring maiugnay sa kanilang layunin na umangat sa posisyon at mapahusay ang kanilang kwalipikasyon sa larangan ng pagtuturo.

Bukod dito, ipinapahiwatig ng kaligirang pang-edukasyon ng mga respondents na marami pa sa kanila ang nasa proseso ng pag-abot sa mas mataas na antas ng akademikong kwalipikasyon. Ipinapakita nito ang patuloy na pagsisikap ng mga guro na paunlarin ang kanilang kaalaman at kasanayan upang makasabay sa nagbabagong pangangailangan ng sistema ng edukasyon.

Sa kabuoan, ang talahanayang ito ay nagsilbing baseline profile ng mga respondents na mahalaga sa pag-unawa sa kanilang antas ng pagtamo ng Master's degree at nagsilbing batayan sa mga susunod pang pagsusuri sa pag-aaral. Ipinapakita rin ng mga natuklasan na ang pagtatamo ng Master's degree ay isang mahalagang hakbang sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro, na nag-aambag sa pagpapataas ng kanilang kredibilidad, kahusayan sa pagtuturo, at pagkakataon para sa promosyon sa kanilang larangan.

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang mahahalagang epekto ng pagkakaroon ng Master's degree ng mga guro batay sa tatlong pangunahing dimensyon: kaalaman at kasanayan sa pagtuturo, inobasyon at paggamit ng makabagong estratehiya, at propesyonal na pag-unlad at motibasyon.

Sa bahaging ito, nanguna ang indikeytor na *"nagiging eksperto sa iyong larangan"* na may frequency na 50 at ranggong 1, na may interpretasyong *"Lubusang Nakaaapekto"*. Ipinapakita nito na ang pagtatamo ng Master's degree ay may malaking kontribusyon sa pagpapalalim ng espesyalisasyon ng guro.

Sinundan ito ng *"mas malalim ang mga paksa na nagreresulta sa pagkakaroon ng mas malawak na espesyalisasyon sa Filipino"* na may 30 na tugon at ranggong 2. Samantala, ang *"personal na pag-unlad"* (f=9) ay nasa ranggong 3, at ang *"propesyunal na pag-unlad"* (f=6) ay nasa ranggong 4. Ang *"mas napapalawak ang kaalaman sa pagtuturo"* (f=5) naman ang nasa huling ranggo. Lahat ng ito ay may interpretasyong *"Nakaaapekto"*

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Talahanayan 2**

**PANGUNAHING EPEKTO NG PAGKAKAROON NG TITULONG MASTER NG MGA GURO**

**N=100**

| **Kaalaman at Kasanayan sa Pagtuturo** | Iskala | | |
|---|---|---|---|
| Mga Indikeytor | F | Ranggo | Interpretasyon |
| 1. Mas napapalawak ang kaalaman sa pagtuturo | 5 | 5 | **Nakaaapekto** |
| 2. Mas malalim ang mga paksa na nagreresulta sa pagkakaroon ng mas malawak na espesyalisasyon sa Filipino | 30 | 2 | Nakaaapekto |
| 3. Nagiging eksperto sa iyong larangan | 50 | 1 | Lubusang Nakaaapekto |
| 4. Propesyunal na pag-unlad | 6 | 4 | Nakaaapekto |
| 5. Personal na pag-unlad | 9 | 3 | Nakaaapekto |
| **Inobasyon at Paggamit ng Makabagong Estratehiya sa Klase** | | | |
| 1. Nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag aaral na matutuhan ang mga bagong teknik sa pagtuturo | 40 | 1 | Lubusang Nakaaapekto |
| 2. Ang mga teknik na itinuturo ay maaaring ilapat sa pagtuturo sa klase | 25 | 2 | Nakaaapekto |
| 3. Mas nagkakaroon ng kakayahang makapag explore ng mga makabagong teknolohiya gamit sa pagtuturo | 5 | 5 | Nakaaapekto |
| 4. Nagbubukas ng pinto sa larangan ng pananaliksik | 10 | 4 | Nakaaapekto |
| 5. Mas nagiging inobatib ang guro | 20 | 3 | Nakaaapekto |
| **Propesyunal at motibasyon ng mga guro** | | | |
| 1. Mas magkakaroon ng tsansa na magkaroon ng promosyon | 60 | 1 | Lubusang Nakaaapekto |
| 2. Mas madali ang promosyon | 10 | 4 | Nakaaapekto |
| 3. Mas tataas ang sweldo | 4 | 5 | Nakaaapekto |
| 4. Mas maraming oportunidad | 11 | 3 | Nakaaapekto |
| 5. Magiging advance sa kanilang career | 15 | 2 | Nakaaapekto |

Sa aspektong ito, nangunguna ang pahayag na "nagiging eksperto sa iyong larangan" na may 50 na tugon at nasa ranggong 1, na may interpretasyong "Lubusang Nakaaapekto". Ipinahihiwatig nito na ang pagtatamo ng Master's degree ay nakatutulong nang malaki sa pagpapalalim ng kaalaman at espesyalisasyon ng guro.

Sumunod dito ang "mas malalim ang mga paksa na nagreresulta sa mas malawak na espesyalisasyon sa Filipino" (f=30) sa ranggong 2. Ang "personal na pag-unlad" (f=9) ay nasa ranggong 3, habang ang "propesyunal na pag-unlad" (f=6) ay nasa ranggong 4. Samantala, ang "mas napapalawak ang

kaalaman sa pagtuturo" (f=5) ay nasa pinakahuling ranggo. Ang lahat ng ito ay may interpretasyong "Nakaaapekto".

Sa bahaging ito, nangunguna ang "nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matutuhan ang mga bagong teknik sa pagtuturo" na may 40 na tugon at ranggong 1, na may interpretasyong "Lubusang Nakaaapekto". Ipinapakita nito na ang Master's degree ay may mahalagang papel sa pagpapakilala ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo.

Sinundan ito ng "ang mga teknik na itinuturo ay maaaring mailapat sa klase" (f=25) sa ranggong 2. Ang "mas nagiging inobatib ang guro" (f=20) ay nasa ranggong 3, habang ang "nagbubukas ng oportunidad sa pananaliksik" (f=10) ay nasa ranggong 4. Ang "kakayahang mag-explore ng makabagong teknolohiya" (f=5) ang nasa huling ranggo. Lahat ng ito ay may interpretasyong "Nakaaapekto".

Sa aspektong ito, nanguna ang "mas magkakaroon ng tsansa na magkaroon ng promosyon" na may 60 na tugon at ranggong 1, na may interpretasyong "Lubusang Nakaaapekto". Ipinahihiwatig nito na ang Master's degree ay may malaking impluwensya sa pag-angat sa ranggo ng mga guro.

Sumunod dito ang "magiging advance sa kanilang career" (f=15) sa ranggong 2, at "mas maraming oportunidad" (f=11) sa ranggong 3. Ang "mas madali ang promosyon" (f=10) ay nasa ranggong 4, at ang "pagtaas ng sweldo" (f=4) ay nasa pinakahuling ranggo. Ang mga ito ay may interpretasyong "Nakaaapekto"

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang pagtatamo ng Master's degree ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo, paggamit ng makabagong estratehiya, at pag-unlad ng kanilang propesyon. Ang mga indikeytor na may "Lubusang Nakaaapekto" na interpretasyon ay nagpapakita na ang Master's degree ay may malakas na impluwensya lalo na sa pagiging eksperto sa larangan, paggamit ng mga bagong teknik sa pagtuturo, at pagkakaroon ng mas mataas na oportunidad sa promosyon.

Sa kasalukuyang panahon, kapansin-pansin ang patuloy na pagbabago sa larangan ng edukasyon na may malaking epekto hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro. Kung noon ay sapat na ang pagtatamo ng batsilyer na digri upang makamit ang promosyon, sa kasalukuyan ay mas mataas na ang pamantayan dahil sa mga bagong polisiya at regulasyong ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Dahil dito, kinakailangan ng mga guro na patuloy na magpaunlad ng kanilang kaalaman at kasanayan upang makasabay sa mga pagbabagong ito at mapanatili ang kalidad ng kanilang pagtuturo. Sa ganitong konteksto, higit na pinagtitibay ang paniniwala na ang pagtuturo ay isang tuloy-tuloy na proseso ng pagkatuto.

Kaugnay nito, ang pagkakaroon ng Master's degree ay may mahalagang ugnayan sa promosyon ng mga guro, lalo na sa pag-angat sa mas mataas na posisyon gaya ng Master Teacher at iba pang katungkulan sa ilalim ng Expanded Career Progression (ECP) System. Bagama't may mga bagong polisiya, tulad ng DepEd Order No. 024, s. 2025, na nagsasaad na hindi na kinakailangang rekisito ang Master's degree para sa promosyon mula Teacher I hanggang Teacher VII, nananatili pa rin itong isang mahalagang kredensyal para sa mas mataas na antas ng karera.

Batay sa mga naunang alituntunin at sa kasalukuyang ECP guidelines, kinakailangan ang pagkakaroon ng masteral units o ang pagtatapos ng Master's degree para sa promosyon sa antas ng Master Teacher I at II. Sa ilalim ng mga bagong patakaran, ang Master's degree sa edukasyon o katumbas nito ay isa pa ring mahalagang kwalipikasyon para sa pag-angat sa mas mataas na posisyon, partikular sa mga tungkuling may kaugnayan sa pamumuno at pamamahala sa paaralan.

**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

Alinsunod sa DepEd Order No. 024, s. 2025 at Republic Act No. 12288, pinalawak ang career path ng mga guro upang mabigyan sila ng mas malinaw na direksyon sa kanilang propesyon. Ang mga gurong nagnanais umangat sa mas mataas na ranggo, tulad ng Master Teacher V, ay kinakailangang magpakita ng mataas na antas ng kwalipikasyon, kabilang ang pagkakaroon ng masteral units o degree. Bukod dito, ang pagkakaroon ng Master's degree ay nagbibigay ng karagdagang puntos sa comparative assessment na ginagamit sa proseso ng reclassification o promosyon.

Dagdag pa rito, ang Master's degree ay may malaking ambag sa pagtaas ng puntos ng guro sa mga aspeto ng leadership, potential, at accomplishments—mga pangunahing batayan sa promosyon. Para naman sa mga gurong may mas maikling taon pa lamang sa serbisyo, ang pagkuha ng masteral units ay maaaring magsilbing paraan upang mapabilis ang kanilang pag-angat sa ranggo.

Gayunpaman, batay sa DepEd-DBM Joint Circular No. 1, s. 2025, nilinaw na ang Master's degree ay hindi na pangunahing rekisito para sa promosyon mula Teacher I hanggang Teacher VII. Sa halip, ito ay higit na nakatuon sa pag-angat sa antas ng Master Teacher at sa mga posisyong may tungkuling pamunuan, sa halip na sa karaniwang pagtaas ng ranggo ng mga guro.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Mga Natuklasan

Batay sa pagsusuri ng mga datos hinggil sa Epekto ng Pagtatamo ng Titulong Master sa Pagganap sa Pagtuturo at sa Promosyon ng mga Guro sa Junior High School sa Lalawigan ng Sorsogon, natuklasan ang mga sumusunod:

1. Sa aspeto ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo, lumitaw na ang pangunahing epekto ng pagtatamo ng Master's degree ay ang pagiging eksperto ng mga guro sa kanilang larangan, na may pinakamaraming tugon (f=50). Sinundan ito ng pagkakaroon ng mas malalim na pagtalakay sa mga paksa na nagreresulta sa mas malawak na espesyalisasyon sa Filipino (f=30). Kasunod nito ang propesyunal na pag-unlad (f=6), at ang pagpapalawak ng kaalaman sa pagtuturo (f=5).
2. Sa aspeto ng inobasyon at paggamit ng makabagong estratehiya, nanguna ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga guro na matutuhan ang mga bagong teknik sa pagtuturo (f=40). Pangalawa ang kakayahang mailapat ang mga natutuhang teknik sa aktwal na pagtuturo sa klase (f=25), at pangatlo ang pagiging mas inobatibo ng mga guro (f=20).3. Sa aspeto naman ng propesyunal na motibasyon, nanguna ang pagkakaroon ng mas mataas na tsansa sa promosyon (f=60). Sinundan ito ng pag-unlad sa karera o pagiging mas maayos ng career path (f=15), at pagkakaroon ng mas maraming oportunidad (f=11).

### Mga Konklusyon

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Ang pagtatamo ng Master's degree ay may mahalagang epekto sa pagganap sa pagtuturo at sa promosyon ng mga guro. Ito ay nakatutulong sa pagpapalalim ng kanilang kaalaman at espesyalisasyon, na nagiging dahilan upang sila ay maging mas eksperto sa kanilang larangan.

Gayundin, pinauunlad nito ang kanilang kakayahan sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo na nagreresulta sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Higit pa rito, ang Master's degree ay nagsisilbing mahalagang salik sa pagpapataas ng motibasyon ng mga guro, lalo na sa usapin ng promosyon at pag-unlad ng kanilang karera. Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang pagkakaroon ng titulong Master ay nagbibigay ng mas malaking oportunidad sa pag-angat sa ranggo sa ilalim ng umiiral na pamantayan ng DepEd.
3. Sa kabuuan, ang Master's degree ay hindi lamang isang akademikong tagumpay kundi isang mahalagang puhunan sa propesyunal na pag-unlad at pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Hikayatin ang mga guro na magpatuloy sa pagkuha ng Master's degree upang mapataas ang kanilang kaalaman, kasanayan, at kwalipikasyon sa pagtuturo.
2. Ipatupad at isabuhay ng mga guro ang mga kaalamang natutuhan sa kanilang pag-aaral sa masteral upang mapabuti ang kanilang estratehiya sa pagtuturo.
3. Magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa epekto ng Master's degree sa promosyon at pagganap ng mga guro.
4. Maglaan ng sapat na suporta at pondo ang mga administrador upang mabigyan ng pagkakataon ang mga guro na makadalo sa mga seminar, workshop, at iba pang gawaing propesyunal na may kaugnayan sa kanilang pag-unlad.

**TALASANGGUNIAN**

Asrbastro, D. (2024). Penomenolohiya sa lakbay pagkatuto ng mga nakapagtapos ng Master of Arts sa Filipino sa lalawigan ng Bohol [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

Belvez, C. (2020). Naratibo ng mga piling retiradong matandang dalagang guro mula sa pang-estadong unibersidad [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

Classpoint. (2023). The impact of AI and master's degree on teaching performance [Blog post]. Retrieved from https://www.classpoint.io

DepEd Order No. 020, s. 2024. (2024). Current merit-based competency-based framework for ranking and promotion. Department of Education, Philippines.

DepEd Order No. 024, s. 2025. (2025). Expanded career progression. Department of Education, Philippines.

Fernandez, B. (2021). Mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa panahon ng pandemya [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

ISSN:3116-4692

Ingewizard, B. (2023). Certificate program: Isang mabining hamog sa mga uhaw na kabalikat na di-medyor sa Filipino [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

Jia, X. H. (2021). Towards new conceptual for learning. International Journal of Educational Research, 45(2), 112–128. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2021.03.004

Longcop, V. (2021). Pursuing master's degree and its effect to promotion. Philippine Journal of Education, 34(1), 45–59. Retrieved from https://www.researchgate.net

Mills, C. (2023). Basic education report. Senate of the Philippines. https://legacy.senate.gov.ph

Noval, B. (2020). Silip sa kwento ng mga mag-aaral na panggabi: Autobayograpikal na salaysay ng pagpupursige at tagumpay. Journal of Filipino Graduate Studies, 12(1), 78–94.

Okakura, K. (2020). The book of tea. (Original work published 1906). Retrieved from https://www.goodreads.com/quotes/668120

Orbita, K. (2022). Epekto ng social media sa mga millennial sa asignaturang Filipino sa sekondarya sa lalawigan ng Albay [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

Ordona, J. (2022). List of master's degree programs to consider for DepEd ranking TI and promotion. Department of Education Memorandum. https://www.deped.gov.ph

Ortayh, G. (2020). Rules on relevant master's degree for promotion purposes. Philippine Commission on Higher Education Report Series, 8(3), 22–35.

Peña, J. (2020). Tracer study sa mga nagsipagtapos ng Master ng Artes sa Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (2017-2020) [Unpublished master's thesis]. Polytechnic University of the Philippines.

Rashid, S. (2021). Relevance of the master's degree and bachelor's degree. Asian Journal of Education and Training, 7(4), 201–210. https://doi.org/10.20448/journal.522.2021.74.201.210

Reduta, M. (2020). Kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersarya [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

Repane, K. (2021). Mga panteknolohiyang kagamitang pampagtuturo na ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino [Unpublished master's thesis]. Bicol College Inc.

Republic Act No. 12288. (2025). Career Progression Act: Career progression system for public school teachers and school leaders in the Philippines. Congress of the Philippines.

Rudolph, J. (2023). Scientist in the classroom. Scribd. https://www.scribd.com/document/652344789/scientist-in-the-classroom

Silva, D. (2021). The 2021 secondary training of teachers for mass training of the Grade 7 teachers [PowerPoint slides]. Department of Education.

Smith, J. (2021). Technology integration in Filipino language teaching. Google Scholar. Retrieved from https://www.google.com

Tuscano, K. (2021). Ginagampanang papel ng teknolohiya sa K to 12 kurikulum. Philippine Journal of Curriculum Studies, 15(2), 88–104.

Department of Education, Philippines. (n.d.). DepEd memoranda and orders. https://www.deped.gov.ph

Department of Education, Philippines. (n.d.). DM memoranda. https://www.deped.gov.ph/memos/dm

Forbes. (2021). The rise of master's degree enrollment among teachers. Forbes. Retrieved from https://www.forbes.com

Google.com.ph. (n.d.). Search results for master's degree and teacher promotion. https://www.google.com.ph

JHSR. (2021). Master's degree and career advancement in basic education. Journal of Human Services Research. https://www.jhsr.com.ph

LearnUpon. (n.d.). Professional development for teachers. https://www.learnupon.com.ph

Online Library Wiley. (n.d.). Educational research articles. https://onlinelibrary.wiley.com

Opinion Inquirer. (n.d.). Editorial on teacher promotion and master's degree. https://opinion.inquirer.net

Philippine News Agency (PCO). (n.d.). DepEd expanded career progression guidelines. https://pco.gov.ph

ResearchGate. (n.d.). ResearchGate database for Filipino education studies. https://www.researchgate.net

Students at the Center Hub. (n.d.). Student-centered learning: What does it mean for students and lecturers? https://studentsatthecenterhub.org/tl/resourse/student-centered-learning-what-does-it-mean-for-students-and-lectures/

Wikipedia. (n.d.). Education in the Philippines. https://www.wikipedia.com.ph